

# SAMAHAN NG MGA MAG-AARAL SA SIKOLOHIYA

## PRIMER / MEMBERSHIP FORM

2005-2006

★ ★ ★

# METAMORPHOSIS.

Ang proseso ng pagbabagong anyo ng higad
sa isang paru-paro.

Hindi agad agad na nagbabago
ang kanilang anyo. Kailangan ng panahon
para ito’y lumaking maganda't masigla.

Mahahalintulad ito sa ATING organisasyon, ang SMS.
Sa taong ito, ibabago natin ang pananaw ng organisasyon.
Dapat nating alalahanin na nandito ang SMS upang
makapaglingkod sa iba pang mag-aaral ng Sikolohiya.
Magagawa lamang natin ito kung makikita natin ang
kahalagahan ng Sikolohiya sa ating buhay.

Dito sa SMS, magtutulungan tayong lahat upang
isabuhay natin ang ating pagmamahal sa Sikolohiya.

Halina.
Makisama,
Makiisa,
Makilipad!



Stephanie Jane Ty
Katuwang ng Pangalawang
Pangulo sa Dokumentasyon
SY 2005-2006

# LIHAM
## MULA SA GURONG TAGAPAYO

Isang mainit at malugod na pagbati sa inyong lahat. Nasisiyahan akong sabihin sa pagbubukas ng klase sa taong ito na muli ko kayong makakasama ng isang taon bilang inyong tagapayo. Tulad ng nakaraang taong, maasahan nating lahat na ang taong ito ay magiging puno ng gawain na di lamang sa mga kasapi kundi pati na rin sa ibang mag-aaral dito sa DLSU. Aasahan din nating magkaroon ng mas maraming gawaing makabuluhan na makakatulong di lamang sa komunidad ng DLSU kundi pati na rin sa ating kapwa sa labas ng unibersidad at sa lipunang ating ginagalawan. Ngunit ang tagumpay ng lahat ng gawaing binabalak ay nakasalalay sa aktibong pakikilahok ng bawat kasapi ng organisasyong ito, kung kaya't ating pagtulungan ang mga nasabing gawaing nakalaan para sa taong ito. Sinisiguro ko na karamihan sa inyo ay di magsisisi sa inyong desisyon na sumali sa SMS at maipagmamalaki pa na kayo ay taga-SMS!!!

Flory Lagbao-Bolante
Gurong Tagapayo
SY 2005-2006



# LIHAM
## MULA SA DATING PANGULO

Sa Samahan.

Ang SMS noong nakaraang taon ay nakapagtaguyod ng bagong pangalan. Sa pamamagitan ng mga kalidad na aktibidades, serbisyong makabuluhan, at tiyak na misyon ay naalagaan nito ang mga kasapi nito ng mahusay. Tiyak naging isang magandang simulain iyon.

Sa taong ito, makisama at makisali sa pagsubaybay sa organisasyon ng Sikolohiya na nagbunga ng iba pang mga maipagmamalaki, di lamang sa loob ng pamantasan kundi sa iba pang komunidad.

Mabuhay at lipad na!

Paolo “P.Do” Domondon
Pangulo
SY 2004-2005



# LIHAM
## MULA SA BAGONG PANGULO

Mahal kong mga Kasapi ng SMS,

Unang-una, ako'y nagpapasalamat sa inyong pagtangkilik at pagsuporta sa SMS sa pamamagitan ng pagsali sa ating samahan. Aking sinisiguro na tayong lahat ay magkakaroon ng isang makulay at makabuluhang taon.

Ang ating samahan, kasama ng mga pinuno nito, ay walang ibang tahakin kundi ang kayo ay mapaglingkuran. Ninanais ng samahang lahat ay makakamit ng kani-kanilang mga potensyal, di lamang sa larangan ng akademiko at Sikolohiya, kundi sa aspeto din ng pamumuno at pakisalamuha sa tao at lalo naman sa pagtataguyod ng mga Lasalyanong nabubuhay ayon sa mga turo ni San Juan Bautista De La Salle.

Tulad ng mga paru-paro, ating mararanasan, kasama ng iba pang mga kasapi at kasama sa SMS, ang pagbabago--pagpapalawig ng ating kaalaman, paglilinang ng ating mga kakayahan at pagpapabuti ng ating mga katauhan. Tulad ng mga paru-paro, ating unatin at palawiging malayo ang ating mga pakpak nang sabay-sabay nating makamit ang ating mga mithiin. Tayo'y lumipad na kasama ng SMS!



Nagmamahal,

Michelle Elaine S. Villena
SMS SY2005-2006

# ANG SMS.

Ang SMS ay isang organisasyon sa Pamantasang De La Salle kung saan madidiskubre ninyo ang inyong mga potential at ang pagiging malaya. Tumululong ito sa paghubog ng ating kakayahan sapagkat tinutulungan tayo nitong maging mas responsable sa pamamagitan ng pagbabalanse ng ating pag-aaral at pagsasaya. At sa paglipas ng panahon, isang matatag at malalim na kapatiran ang ating mabubuo.

Hinihikayat ko kayong tuklasin ang napakaganda at mapagpalayang karanasang ito, na hindi dumarating palagi sa buhay ng isang tao.

Sa mga susunod na pahina, makikita ninyo ang mga nakaraang makabuluhang aktibidades at pati na rin ang sa kasalukuyan na magbabago at magpapasaya sa buhay ninyo sa Pamantasang De La Salle.

Sama na!

Rachel Roque
Pangalawang Pangulo sa Dokumentasyon
SY 2005-2006

# MISYON/BISYON

## misyon.

Ang Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohiya ay nagbibigay sa mga kasapi nito ng dekalidad na serbisyong tahaking mapalawig ang kanilang kaalaman sa mga aspeto at disiplina ng Sikolohiya, lalo na sa Sikolohiyang Pilipino, at mahasa ang kanilang kakanyahang angkin sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng mga talakayan, seminar, sampaksaan at iba pang mga gawaing napapanahon at naaangkop sa kanilang mga pangangailangang akademiko.

Ang Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohiya rin ay naghahamon ng aktibong pakikilahok at nagnanais ng pag-uugnayan sa iba't-ibang mga kasapi ng samahan, mga guro at mga mag-aaral ng Sikolohiya sa Pamantasang De La Salle pati na din sa mga samahang nasa labas ng pamantasan sa pamamagitan ng mga gawaing naghihikayat ng kapatiran, bukluran, komunidad at pagkakaisa.

## bisyon.

Ang Samahan ng Mag-aaral sa Sikolohiya, ay nagnanais
na maging kilala bilang isang samahang
tauspusong nakatuon sa pagbibigay ng dekalidad
at makabuluhang paglilingkod at mga gawain,
nagtataguyod at naglilinang ng mga
bukod-tanging mag-aaral na dalubhasa
sa Sikolohiya at mga disiplina nito, nagyayabong
at nagsasabuhay ng mga prinsipyo at adhikain
ni San Juan Bautista de La Salle,
habang patuloy na isinasanggalang
ang nasyonalismo at ipinagpupugay
at dinadakila ang aming pagkakakilanlang Pilipino.




# SULYAP.

## SA NAKARAANG TAON

Naging masaya at kaaya-aya ang mga gawain na aming naisagawa noong nakaraan taon. Isa na rito ang "Waiter for A Day" na aming isinagawa para sa pagdiwang ng environment week. Dito ay tinulungan namin ang mga waiter at waitresses sa mga kantina upang ipakita sa mga kapwa estudyante na importante ang pagsasagawa ng "Clean as You Go" na policy sa ating pamantasan. Nagkaroon din ng unang Acquaintance Party na isinagawa sa Intramuros Manila. Dito ay nagtipon-tipon ang mga iba't-ibang mag-aaral sa Sikolohiya at nagsalu-salo sa isang simpleng handaan na may mga kantahan at sayawan. Dahil sa tagumpay na natamo noong nakaraan taon ay maaasahan ninyong mas lalo naming pagbubutihan ang paghahanda sa mga darating na aktibidades upang kayo ay mapagsilbihan namin ng husto.

Narito ang ilan sa mga nakahandang aktibidades ngayong taong pag-aaral. Muli, inaanyayahan ng samahan ang inyong pagsali at pagtangkilik sa mga gawaing ito.

Sama na!



Jan Andrea S. Atotubo
Pangalawang Pangulo sa
Gawaing Pag-aaral
SY 2005-2006

# NGAYONG TAON

## research grants.

Dahil sa lumalaking pangangailangan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya, naisipan ng samahan na magbigay ng gawad sa pananaliksik, kung saan maaaring makakuha ng tulong pinansyal ang mga mag-aaral sa paggawa ng kanyang mahusay at malawakang pananaliksik sa Sikolohiya. Ilan sa mga halimbawa ito ay sa mga mag-aaral na kumukuha ng EXPSYLA, METRES, o kaya naman ay gumagawa ng kanyang tesis.

## research output.

Naiintindihan ng samahan ang halaga ng pananaliksik. Ninanais ng samahan na magkaroon at maglabas ng sariling pananaliksik. Ito ay iba't iba, mula sa pananaliksik sa panloob na operasyon ng samahan, sa paggawa ng iskala sa pag-antas ng kalidad ng mga gawain nito, hanggang sa paggawa ng Feasibility Study sa bahay saliksikan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa Banahaw.

Ang karanasan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa samahan ay isang praktikal na pamamaraan kung saan magagamit niya ang kanyang mga natutunan sa kanyang akademikong pag-aaral.

# NGAYONG TAON

psyched'06

Taon-taon, ginaganap ang Psych Week,
kung saan maraming mga palaro, patimpalak, paksaan,
kainan, exhibits, fashion show, at siyempre,
isang concert party na inihahanda
para sa mga mag-aaral ng Sikolohiya.
Ngayong taong pag-aaral,
napag-usapan na ganapin ang linggo ng Sikolohiya
kasabay ng iba pang mga pamantasan na nagdiriwang nito,
tulad ng UP-Diliman, upang mas mapayaman
at mas makilala ang Sikolohiya bilang isang disiplina.

## WOW! SMS

Sa ating pagsulong ng Sikolohiyang Pilipino, ipagpapatuloy pa rin ng samahan ang WOW! SMS, kung saan itinatanghal bawat buwan ang mga piling rehiyon ng bansa at ang kultura nila sa pamamagitan ng exhibits, talks, at film showings. Dahil dito, mas nabibigyang halaga ang makulay na kultura ng Pilipinas at kung paano ito maiuugnay sa Sikolohiyang Pilipino.

## gawad kalinga.

Isa sa mga pangunahing Socio-Civic na gawain ng organisasyon ay tumulong sa mga kapatid nating walang matirhan at kailangan ng tulong natin. Dito ay natututo tayo malaman ang tunay na kundisyon ng ating bayan na lalong magmumulat sa atin kung ano ang kailangan natin  bigyang pansin bilang mag-aaral.

# NGAYONG TAON

## pssp.

Isa sa mga nangugunang miyembro ang SMS sa Pambansang Samahan ng Sikolohiyang Pilipino, na ang pangunahing adhikain ay isulong ang sikolohiyang Pilipino bilang disiplina, para sa makabuluhang pag-aaral ng diwa ng Pilipino tungo sa pagpapalawak ng pambansang kamalayan. Pangunahing kasapi ang SMS sa mga kumperensiya na kanilang itinatakda sa bawat taon sa iba't ibang pamantasan na malaking tulong sa mga mag-aaral ng sikolohiya.

## alyansang tatsulok.

Ang Alyansang Tatsulok ay binubuo ng Pamantasang De la Salle, Unibersidad ng Pilipinas, at Pamantasang Normal. Adhikain nito ang palawigin ang kaalaman ng bawat mag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino (SP) at mapalaganap pa sa ibang pamantasan. Kasalakuyang sumama na rin ang Polytechnic University of the Philippines. Ang alyansa ay magkakaroon ng mga gawain tulad ng patimpalak para sa saliksik na gumagamit ng SP, Piling-piling araw, pagpapalabas ng makabuluhang pelikulang Pilipino, konsyerto, kumperensya at iba pa.

## psycfed.

Isang ka-alyansa ng SMS ang Federation of Psychology Studies na nagdedebelop lalo sa ating mga sosyal na abilidad at magkaroon ng matatag ng contact sa mga kaalyansa nating ibang pamantasan.

# NGAYONG TAON

## mobile library.

Ang Mobile Library ay isang proyekto na iminungkahi ng ating samahan, na pagtutulungang maipatupad kasama ang TATSULOK. Ito ay isang sasakyan (maaaring isang van) na maglalaman ng iba't-ibang uri ng libro, na ang layon ay mapakinabangan ng mga bata na nakatira sa mga komunidad na may kaunting kakulangan sa libro o mga gamit sa pag-aaral. Ang mga libro ay manggagaling sa mga donasyon, o mula sa mga funds.

## Bahay Banahaw Feasibility Study

Bilang isang samahang nagtataguyod ng Sikolohiyang Pilipino, nais ng SMS na makapagpatayo ng isang Social Research Laboratory sa Banahaw na mapakikinabangan ng mga mag-aaral ng SIKOPIL, FILIPSYC at SOCIPSY. Ang bundok Banahaw ay isang lugar na tunay namang punung-puno ng mga makabuluhang impormasyon at datos na mapupulutan ng napakaraming karanasan at aral tungkol sa relihiyon, kultura at kaugaliang Pilipino. Ang proyektong ito ay sisimulan sa pamamagitan ng isang Feasibility Study na gagawin ng isang Fact-finding team. Ang Feasibility study na ito ang siyang magsisilbing formal proposal para sa Bahay Banahaw na inaasahang maghihikayat pa lalo ng mga lalahok sa pagpapatupad ng nasabing proyekto.

# MGA LUPON

Makulay ang buhay sa loob ng Samahan. May mga lupon ang bawat kagawaran ng samahan na nagbibigay sa mga kasapi ng pagkakataong maranasan ang aktibong partisipasyon sa komunidad, di lamang ng sa Sikolohiya, ngunit pati na rin sa buong pamantasan at sa labas. Ang pagsali rin sa mga lupon ay isang magandang pagkakataon upang masanay ninyo ang inyong mga kakayahan at talento, sa human relations man ito tulad ng lupong pang-anib, sa aplikasyon ng Sikolohiya ng kulay at pagdidisenyo tulad ng sa lupong pablisidad at ng sa lupong webpage, hanggang sa pamamahala tulad ng sa lupong pag-aaral at lupong di pag-aaral. Mayroon ding natatanging lupon ang samahan tulad ng sa AMT kung saan may pagkakataon kayong gumawa ng sariling ninyong panukat at iskala na pupwedeng gamitin ng organisasyon, at sa R&D kung kayo ay mahilig sa pananaliksik at paghahanap ng bagong kaalaman.

Halina at sumali sa mga lupon ng samahan - **paliparin ang inyong imahinasyon at palayain ang inyong potensyal!**

Michael Glenn A. Kho
Pangalawang Pangulong
Tagapagpaganap
SY 2005-2006

# MGA LUPON

## lupong gawaing pag-aaral.

academic activities committee

Namamahala ng akademikong gawaing nauukol sa Sikolohiya; kumukuha at nag-aayos ng mga reviewers para sa mga miyembro ng organisasyon.

## lupong gawaing di pag-aaral.

non-academic activities committee

Para sa mga interesado sa di-akademikong na gawain ng organisasyon; nagaayos ng mga gawain tulad ng party, sportsfest, oureach, atbp.

## lupong marketing.

marketing committee

Ang Lupong Marketing ang siyang tutulong sa Pangalawang Pangulo para sa Marketing at sa Katuwang ng Pangalawang Pangulo para sa Marketing sa kanilang mga proyektong solisitasyon. Sila ay tutulong sa pagpapamahagi at pagpapalaganap ng mga proyekto sa mga kumpanya at mga posibleng donor upang makalikom ng pondo at suporta mula sa kanila

# MGA LUPON

## lupong pang-anib.

membership committee

Naghihikayat ng bago at lumang miyembro; namamahala sa pagbabahagi ng kaalaman sa mga kasapi sa pamamagitan ng "text" o pagtawag sa telepono; kumukuha rin ng ebalwasyon sa mga kasapi. Kung kayo ay may hinanakit o kaya ay may problema, sa loob man ng pamantasan o labas, ang lupong pang-anib din ay bukas sa pagbibigay ng tulong at payo.

## lupong pablisidad.

publicity committee

Ang Lupong Pablisidad ang siyang namamahala sa pagtataguyod at pagpapalaganap ng gawain ng organisasyon sa loob at labas ng Pamantasan. Sila ang nag-iisip at namamahala sa paggawa ng mga paskil, sabitan sa pintuan, palibot-sulat, mural, at iba pang kaugnay na kagamitang makatutulong sa pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa mga gawain at proyekto ng samahan.

## lupong pahayagan.

publications committee

Para sa mga mahilig at mahusay sa pagsusulat na nais maipamahagi ang talento sa opisyal na pahayagan ng organisasyon, CLASYKO. Kabalikat ang lupong webpage, sila rin ang mamahala sa opisyal na webpage ng samahan

# MGA LUPON

## lupong dyunyor: AMT.

junior committee: Activity monitoring team

Ang AMT ang mamamahala sa ebalwasyon ng mga gawain ng samahan sa pamamagitan ng pagpapasagot ng mga iskala o panukat na ipamimigay sa mga kasapi ng samahan. Ang mga kahinaan at kalakasan ng mga gawain ang binibigyang pansin, para sa pagpapaganda at pagpapabuti ng mga susunod pang mga gawain. Sila rin ang siyang lalakap ng mga komento at suhesyon galing sa mga kasapi ng samahan.

## lupong dyunyor: R&D.

junior committee: Research and Development

Isinagawa ngayong taong pag-aaral, inaasahan ang R&D bilang isang mahalagang sangay ng samahan. Ang R&D ang siyang mamamahala sa pananaliksik tungkol sa organisasyon, kasama na dito ang tungkol sa mga kasapi, sa mga gawain, at sa mga proyekto. Sila rin ang mamamahala sa paggawa ng Feasibility Study ng bahay-saliksikan sa Banahaw.

## lupong dyunyor: CSO Ad Hoc.

junior committee: CSO Ad Hoc Representatives

Sila ang magsisilbing kinatawan ng samahan sa mga gawaing Ad Hoc ng CSO. Ang mga kinatawan ang siyang magpapaalam sa mga pinuno sa mga kailangang gampanan ng organisasyon para sa mga gawaing ito.

# MGA LUPON

## lupong dyunyor: webpage.

junior committee: webpage team

Ang lupong webpage ang siyang mamamahala sa buwanang pagsasaayos ng mga nilalaman ng opisyal na webpage ng samahan. Ang webpage ay ang extension ng buwanang liham, kung saan magkakaroon ito ng karagdagang mga artikulo at panayam, pati na rin mga iba pang bagay na may kinalaman sa Sikolohiya.

http://dlsu-sms.tk

## lupong dyunyor: Course Reps.

junior committee: course representatives


Ang mga kinatawan ng mga kursong Sikolohiya ay tutulong sa pagpapalaganap ng kaalaman sa mga gawain ng samahan. Sinisigurado nilang makakarating sa kanilang mga kaklase (ID 102, 103, 104, 105) at kurso (AB, BS,Lia-Com, Educ psyc) ang mga balita upang masiguro ang aktibong pagsali ng mga kasapi.

## lupong dyunyor: logistics.

junior committee: logistics committee

Magkabalikat ang logistics at lupong gawaing pag-aaral. Sila ang mamamahala sa pagrereserba at/o pasilidad na kakailanganin ng samahan sa ating mga gawain.

dlsu_sms@yahoo.com
http://dlsu-sms.tk



SAMAHAN NG MGA MAG-AARAL SA SIKOLOHIYA

COUNCIL OF STUDENT ORGANIZATIONS
DE LA SALLE UNIVERSITY - MANILA